KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon X
SANGAY NG MISAMIS ORIENTAL
Lungsod ng Cagayan de Oro
www.depedmisor.net
(08822)724615,(088)8564454/Fax(088)8564524

Memorandum blg. 344

**PARA SA:** **TAGAMASID PANSANGAY**
**TAGAMASID PANDISTRITO SA MGA PAARALAN**
**MGA PUNONGGURO**
**MGA ULONG GURO**
**MGA GURO NG ASIGNATURANG FILIPINO sa mga Pampubliko at Pribadong Paaralan**
***Ang Sangay na ito***

**BUHAT KAY:** **CHERRY MAE L. LIMBACO, Ph.D., CESO V**
**Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan**

**PAKSA:** **PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA, 2017**

**PETSA:** **Ika- 11 ng Hunyo, 2017**

1. Batay sa Memorandum Pangkagawaran blg. 58, s. 2017 na nagsasaad na ang Kilusan ng Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing ika-1 hanggang 31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay **"FILIPINO: WIKANG MAPAGBAGO".**
2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
   b. Mahikayat ang iba iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga pragramang katulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   c. Maganyak ang mga mag-aaral/mamamayang Pilipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawaing kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.
3. Ang lingguhag paksa ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. Wikang Pambansa, Susi ng Pagbabago;
   b. Pangangalaga sa Wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
   c. Wikang Filipino: Wika ng Maka-Filipinong Saliksik; at
   d. Pagsasalin, mahalaga sa Bago at Mapagbagong Karunungan.
4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat ng pagpaplano ng programa.
5. Kalakip ay ang Memorandum Pangkgawaran Blg. 58, s. 2017 para sa iba pang detalye at impormasyon.
6. Hinihiling at inaasahang maipaabot nang daglian at malawakan ang Memorandum na ito sa lahat ng mga kinauukulan.

CLL/ssa

Republic of the Philippines
Department of Education

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 58, s. 2017

20 MAR 2017

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2017** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wikang Mapagbago.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. Wikang Filipino, Susi sa Pagbabago;
b. Pangangalaga sa Wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
c. Wikang Filipino: Wika ng Maka-Filipinong Saliksik; at
d. Pagsasalin, Mahalaga sa Bago at Mapagbagong Karunungan.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Komisyong sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila
Telepono: (02) 736-2525, (02) 736-2524, (02) 735-2519
Email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ATTY. ALBERTO T. MUYOT**
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 24, s. 2016

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

APA R-Buwan ng Wikang Pambansa 2017
0253/March 11, 2017